

PROLOGUE

Kasagsagan noon ng malakas na bagyo. Rumaragasa na ang flash flood sa maliit na barangay na iyon sa may San Manuel, Pangasinan. Ilang bahay na ang natangay ng mabilis na agos ng tubig.

“Kumapit kang mabuti, Andrew.” Pilit isinasampa ni Anthony ang limang taong gulang na anak sa ibabaw ng kanilang bubong. Nauna nang nakasampa doon ang kanyang asawang si Maridel at ang siyam na buwang si Anya, ang panganay niyang si Allister at ang kakambal ni Andrew na si Andrea.

“Papa!”

“Sige pa, anak, kaya mo iyan. ‘Andito lang sa likod si papa!”

Sa itaas ay naririnig niyang umiiyak ang dalawa niyang anak na babae. Pilit naman itong inaalo ni Maridel, ngunit halata rin niya ang takot sa tinig ng kabiyak.

Sobrang lakas ng agos, kinakabahang nawika ni Anthony sa sarili.

Diyos ko, tulungan mo po kami! Huwag po sanang

tangayin ang bahay namin, piping dasal niya.

Sumandal siya sa hamba ng binata kung saan din siya nakatuntong, upang makakuha ng balanse. Itinaas niya ang katawan ng anak hanggang sa makakapit ito sa nakausling kahoy na pinagpapakuan ng kanilang bubong. Sa itaas ay nag-aabang ang pitong taong gulang na si Allister upang hilahin paakyat ang kapatid sa oras na makasampa ito.

“Kumapit kang mabuti, Andrew!” sigaw ni Anthony sa gitna ng malakas na buhos ng ulan. Ginugupo na siya ng matinding pagod ngunit ayaw niyang sumuko.

“Andrew! Iabot mo ang kamay mo sa akin!” sigaw naman ni Allister.

Pilit iniabot ng bata ang kamay sa kapatid. Ngunit bago pa iyon mahawakan ni Allister ay isang malaking troso ang bumangga sa kanilang kubo. Nakabitaw si Andrew at bumagsak sa rumaragasang tubig.

“Andrew!”

Hindi na nag-isip si Anthony, tinalon niya ang tubig at tinangkang lumangoy palapit sa anak.

“Andrew! Papa!”

Hindi malaman ni Allister kung ano ang gagawin. Ilang sandali lang at nawala na ang dalawa sa paningin nila. Lalo pa itong nataranta lalo pa't naramdaman ang pag-uga ng kanilang bahay. Mukhang nabali ang pundasyon ng kubo nang bumangga ang malaking troso. Unti-unting tinangay ng agos ang istruktura. Nakapangingilabot na hiyaw ang tanging maririnig sa gitna ng malakas na ulan habang tinatangay ng walang tigil na pag-agos ng tubig ang mga murang katawan palayo sa isa't isa.

1

Napangiti si Roni nang makita ang isang single long-stemmed rose sa ibabaw ng kanyang mesa nang pumasok siya kinabukasan sa opisina. May kasamang isang pink note card ang bulaklak. Hindi pa man niya nababasa ang nakasulat sa notecard ay alam na niya kung kanino iyon galing.

To my dearest Roni,

Loving you is the best decision I've made in my entire life. Here's to our first year of being together, Honey! I love you very much.

Always,

Alec

P.S. I'll see you tonight.

Hindi niya maiwasang kiligin. Wala na talagang tatalo sa sweetness ng nobyo niya. At napaka-unpredictable nitong tao. Palagi na lamang siyang nanghuhula kung ano ang gagawin nito kapag may

okasyon. Katulad na lamang noong first monthsary nila. Isang mascot na *Pikachu* ang lumitaw sa opisina nila at hinahanap siya. Nang ituro siya ng isa niyang kasama ay tumapat ito sa kanya, binigyan siya ng isang long-stemmed rose sabay kanta ng paborito nilang love song ni Alec. Halos maiyak siya habang nakikinig at wala siyang pakialam sa panunukso ng kanyang mga kasamahan. She was really deeply touched. That same day, nang matapos ang shift niya ay nakita niyang muli sa harap ng building ang mascot. Nang makita siya nito, hinubad nito ang suot na costume, and she stared disbelievingly at Alec's smiling face. It was him all along! Umiiyak siyang sumugod sa kasintahan at niyakap ito nang mahigpit, unmindful of the curious stares she was getting from her officemates.

Hindi siya nagsisisi na minahal niya si Alec, na ito ang naging first boyfriend niya. At kahit minsan lamang sa isang linggo sila kung magkita ay hindi nakaapekto iyon sa intensity ng pagmamahal nila sa isa't isa. Maligaya siya sa piling ni Alec, and she could not imagine herself loving another man.

Napangiti siya nang maalala kung paano silang nagkakilala nito. Akalain ba niyang dahil lang sa mixed-up sa room service ay matatagpuan niya ang lalaking mamahalin niya nang buong puso?

Pagpasok ni Roni sa loob ng silid nila ay nadatnan niyang kumakain na ang kanyang mga kasama.

“Oh, kumakain na kayo? Akala ko ba sa function room ang dinner natin?” tanong niya sa mga ito.

Isa ang company nila sa mga dumalo sa isang three-day process/product competition na ginanap sa hotel na iyon sa Makati. Three days, two nights ang booking nila na sinagot ng kumpanya. It was their first night at natapos na silang mag-present ng kanilang cost reduction project kanina.

“Eh, room service daw. Nagtataka nga kami kasi wala namang umorder sa amin. Baka naman ikaw ang um-order?”

Umiling siya. “Hindi. Ba’t oorder pa ko ng room service eh libre naman ang food natin? Sa atin ba talaga iyan?”

“Eh dito daw sabi n’ung boy.”

Apprehensive pa rin si Roni. “Sigurado kayo?”

“Hay naku, hindi naman siguro magkakamali iyong boy. At saka kung nagkamali man sila ng pinagdalhan, dapat kanina pa sila nagpunta dito para bawiin ang mga ito. Eh anong oras na? Kanina pa idineliver iyan, hanggang ngayon wala pa ring

kumakatok dito.”

Naisip na lang niya na baka nga kinasihan sila ng grasya. Umupo siya sa tabi ng kasamahan at sasandok na sana ng pagkain nang may biglang kumatok. Tumayo siyang muli para buksan ang pinto. Isang lalaking naka-formal suit ang tumambad sa kanya. Nakasimangot ito at halatang galit.

Nangunot ang noo ni Roni. Hindi niya maintindihan kung bakit namumula ang kaharap at matalim ang mga mata na parang galit na galit.

“Yes? What can I do for you?” magalang pa rin niyang tanong. Sa halip na sumagot ay sinuri nito ang loob ng kanilang silid. Lalong lumalim ang pagkakakunot ng noo nito at nag-isang linya ang mga labi nang may mamataan. Sinundan ni Roni ang tinitingnan nito na walang iba kundi ang food cart na nilalantakan pa rin ng mga kasama niya.

“Dito pala nai-deliver ang food cart na iyan,” anito sa mahina ngunit galit na tinig.

“Ah, yes. B-baka in-order n’ung boss namin.”

“You mean, wala isa man sa inyo ang um-order niyan? Hindi ninyo alam kung sino ang nagpadala ng mga pagkaing iyan?”

“O-oo,” alanganin niyang sagot. Tumawa nang mapang-uyam ang lalaki. Sa hitsura nito ay pikon na pikon na ito.

“Hindi ninyo alam and yet kinakain ninyo?” mataas na ang tinig nito. “Ganyan ba talaga ang ugali ninyo?”

Umakyat na ang dugo ni Roni sa ulo. Ano ang karapatan ng lalaking ito para sigawan siya?

“Teka nga muna, sino ka ba? At bakit basta ka na lang kakatok dito at mambubulyaw?” Umandar na rin ang katarayan niya. Napatanga na sa kanila ang kanyang mga kasama.

“I’m the assistant manager for operations. End na sana ng shift ko ngayon pero dahil sa kagagawan ninyo’y nagalit iyong isang guest namin at ako ang binagsakan ng problema!”

“At paano naman namin naging kasalanan kung nagalit man ang isang guest ninyo?”

“That food cart is for Room 556!”

“Eh, engot pala kayo! Room 559 ito!”

“Kaya nga eh, dapat itinawag n’yo na agad sa amin na nagkamali ng delivery iyong boy. Nai-deliver na sana sa dapat na may-ari iyang mga pagkain. Pero

hindi! Ang ginawa ninyo, kinain at inubos n'yo pa!"

"Eh paano ko nga malalaman na hindi nga sa amin 'yan? Ang hirap sa iyo, ipinapasa mo sa iba ang kapalpakan mo!" Nakita niyang sandaling natigilan ang lalaki. Lalong lumakas ang loob niyang awayin ito. "Sa Room 556 pala iyan, Room 559 ito. Bakit dito ninyo idineliver, in the first place? Bakit hindi ba kayo marunong bumasa ng room number?"

"L-lumuwang iyong pagkakaturnilyo sa number 9."

"Iyon naman pala! Kasalanan n'yo naman pala!" hirit pa niya sa hindi na kumikibong binata. "Alam mo, kung ginagawa mo lang ang trabaho mo bilang assistant manager for operations," binigyang-diin pa niya ang job position nito, "at tinitingnan ang mga sira dito sa buong hotel, eh di hindi na sana nagkakaroon ng ganitong mga mixed-up. Palibhasa puro bunganga lang yata ang alam mo kaya pumapalpak ka. Tapos isisi mo sa ibang tao ang pagkakamali mo!" diri-diretsong hirit niya. Nagmistulang kamatis ang mukha nito sa pagkapula. Sandaling nakipagsukatan siya ng tingin dito. Pagkatapos ay walang salita itong tumalikod.

"Bastos!" sigaw niya sabay pabalibag na sinarhan ang pinto. Nanggigigil siyang bumalik sa kanyang mga kasama. Sa inis ay inubos niya ang lahat ng natitirang

pagkain.

Kinagabihan, habang nagdi-dinner ay nasorpresa siya. Nang maupo sila sa mesang laan para sa kanila ay may nakita siyang isang white, long-stemmed rose na nakapatong sa kanyang plato. Siya lamang ang mayroon niyon.

“Kanino galing iyang rose, Roni? Bakit ikaw lang ang mayr’on niyan?” tanong ni Emma.

Umiling siya nang may magtataka.

“May card!” excited na bulalas ni Willy. “Dali! Basahin natin!” Hindi na nito hinintay pang pumayag siya. Ito na mismo ang dumampot ng maliit na card at binasa iyon sa harap ng kanyang mga kasama.

“Dearest Veronica, my apologies for being rude the other night. Hope we can be friends. Alec,” maarteng basa ni Willy. “Uyyy! Sino’ng Alec iyan? Ito’ng si Roni, sobrang malihim ka na ngayon ha?” buska nito pagkatapos. Mukhang nabuhayan na naman ito ng berdeng dugo sa katawan.

“Teka, iyan ba iyong guwapong lalaki na nakasagutan mo dahil d’un sa mixed-up sa room service?” tanong ng isa na kasama niya sa room. Hindi pa man siya nakakapagsalita ay sumabat na ang isa pang kasama niya.

“Oo, I think siya nga ‘yun. In fairness, guwapo, teh!” kinikilig pang komento nito. “At hindi naman pala bastos. Tingnan n’yo naman at nagpadala pa ng sorry note with matching long-stemmed rose.”

“Uy, talaga? Kuwento mo naman kung paano mo nakilala ang Alec na iyan,” pamimilit ni Willy. Hindi na ito mapakali sa upuan dahil sa excitement.

Sa halip na pagbigyan ang mga kaibigan ay inagaw niya ang card. “Akin na nga iyan!” Sa inis ay basta na lamang niya iyong nilamukos. “Alam n’yo ha, hindi ko kilala kung sino man itong Alec na ito! At wala akong balak na kilalanin siya. Kaya kayo, magsikain na lang kayo at tigilan n’yo na ang katutukso sa akin!” mataray ding litanya niya na tinaasan lang ng kilay ng kanyang mga kasama.

Nailing na tinapunan niya ng masamang tingin ang mga kasama. Walang dudang hindi siya titigilan ng mga ito.

Hindi sinasadyang nagawi ang paningin niya sa entrance ng function hall. Nakatayo ang isang matangkad na lalaki doon at nakatingin sa kanya. May kabang bumundol sa kanyang puso nang magtama ang mga mata nila. The tall guy smiled and made a two-finger salute. Bigla siyang nagtungo ng ulo. Nang muli niyang sulyapan ang gawi nito ay wala na ito

doon. Bahagya na siyang nakahinga nang maluwag.

Her cellphone rang as if on cue. She smiled nang makita ang pangalan ng nobyo sa screen.

“Hello?”

“Nagustuhan mo ba?”

She giggled. “Very much! Pero mas excited ako d’un sa P.S.”

Narinig niyang tumawa si Alec and she felt warm all over. Oh how she loved him! “Susunduin mo ba ako mamaya?” tanong niya.

“Oo naman! Kaya nga ako nagpalipat sa morning shift.” Regular na eight to five ang work niya pero dahil sa hotel nagtatrabaho ang binata ay irregular ang work schedule nito. Ngayon lang nagkapareho ang oras nila.

“Saan ba tayo pupunta?”

“Bakit tinatanong mo? It’s supposed to be a secret.”

“Hmp! May pa-secret secret ka pa!”

Tumawa na naman ito. “Actually, hindi mamaya kundi bukas iyong anniversary present ko sa iyo. Pero mamaya mo na lang malalaman ang detalye.”

“Hmp! Nakakainis ka talaga!”

Narinig ni Roni ang marahang pagtawa ng nobyo.

“Oh bakit na naman?”

“Bakit kasi ayaw mo pang sabihin? Pinapatay mo naman ako sa suspense.”

“Eh bakit kasi sobrang kulit mo? Sinabi ko naman sa iyong sasabihin ko mamaya, di ba?” sabi nito na animo nagpapangaral sa isang four-year-old.

“Hmp!”

Muli na naman itong tumawa. Kung katabi niya ito ay kanina pa nito pinisil ang pisngi niya. Ugali na nito iyon sa tuwing nagkakaasaran sila.

“Basta, hintayin mo na lang ako mamaya. Oh paano, trabaho muna. Magkita na lang tayo mamaya.”

“Sige na nga.” She smiled. “Bye! I love you.”

“I love you, too, hon!”

“Ingat ka sa pagda-drive.”

“I will, ‘bye!”

Siya na ang naunang nag-off ng kanyang phone. Knowing Alec, maghihintayan na naman sila kung sino ang unang mawawala sa linya. Lutang ang

Looking Through Your Eyes - Doreen Laroya

buong diwa niya maghapon dahil sa excitement sa date nila ng nobyo. At hindi rin mawala sa mga labi niya ang ngiti.

2

Parang kailan lang nang nagsisimula sila. Isang taon na ang relasyon nila ngayon, and everything was smooth and blissful. Wala na siyang mahihiling pa. Hinihintay na lamang niya ang oras na yayain siya nitong maging Mrs. Alec Estrada.

Paano kaya magpo-propose sa kanya ang binata? Sigurado siyang bigla na naman siya nitong gugulatin. Katulad noong gabi na una siyang inaya nito sa isang date. And they haven't been properly acquainted yet!

Muli ay napangiti si Roni sa daloy ng alaala...

Pagkatapos ng kanilang hapunan ay nagpaalam ang kanyang mga kasama na pupunta lang sa kalapit na mall. Hindi na lamang siya sumama dahil gusto niyang magpahinga. Pag-akyat niya sa fifth floor ay sandali siyang nag-stay sa lobby area at nanungaw sa wall to wall glass window. Kahit alas siete pasado na ng gabi ay marami pa ring tao sa kahabaan ng Ayala Avenue. Karamihan ay pauwi na sa kani-kanilang mga tahanan.

Napabuntung-hininga siya. Huling araw na ng competition bukas. Dalawang teams na lang ang

nakatakdang mag-present. Pagkatapos noon ay deliberation at awarding ceremonies muna bago ang congratulatory party na inihanda ng mga sponsors at organizers ng competition. Malamang ay hindi na rin naman sila abutin ng hapon sa hotel.

“Hi!” Nagulat siya sa baritonong tinig na narinig niya sa kanyang likuran. Mukha ni Alec ang tumambad sa kanya. Hindi niya ito pinansin at muling tinalikuran.

“Galit ka pa rin ba sa akin?” tanong nito na tumabi sa kanya.

“Hindi ba you’re supposed to be doing your rounds para hindi na maulit iyong nangyari kagabi?” mataray niyang sagot.

He chuckled. “I oversee the operations. Pero hindi ko naman kailangang balikatin lahat ng trabaho. Besides, isolated case naman iyong nangyari kagabi. It was the first time that it happened.” Lumingon ito sa kanya. “Look, I know, naging rude ako sa iyo kagabi.”

Buti alam mo! bulong niya sa sarili nang hindi pa rin tumitingin dito.

“At gusto ko lang mag-sorry dahil ikaw ang napagbuntunan ko ng inis ko, which was wrong.” Still, hindi pa rin siya kumibo. “Tell me, paano ba ako makakabawi sa iyo?”

Napataas ang kilay niya sa tanong nito. Ipinaling niya ang mukha sa ibang direksyon para hindi nito makita ang kanyang pamumula.

“Bakit naman naisip mong kailangan mong bumawi? Hindi naman kita sinisingil.”

Sa kanyang pagkagulat ay lumipat ito ng puwesto. Bago pa siya makaiwas muli ay nagtama na ang kanilang mga mata. Bigla siyang kinabahan dahil sa klase ng pagkakangiti nito.

“Iniiwasan mo ba ako?”

Lalo siyang natuliro. Paano ba naman ay lalo itong naging guwapo dahil sa matamis na ngiting nakapaskil sa mga labi nito.

“H-hindi, ah! Ba’t naman kita iiwasan eh hindi naman tayo magkakilala?” Lalong lumapad ang pagkakangisi nito. “At s-saka, hindi mo na kailangang bumawi. Wala na sa akin ‘yun. S-sige ha?” akma siyang lalayo na dito nang bigla nitong hawakan ang braso niya. Pakiramdam niya ay nag-init ang buong katawan niya sa simpleng pagdadaiti ng kanilang mga katawan. Napilitan tuloy siyang humarap dito.

“But I insist. I really want to make up for my mistake. At saka, may hidden agenda ako.”

“Ha?”

“I want to get to know you better. I want to be your friend, and then hopefully, later we can be more than that.”

Biglang nanuyo ang lalamunan ni Roni. Ano ba naman itong lalaking ito at ubod ng bilis? Ni hindi pa nga nagpapakilala, humihirit na agad?

“H-hindi!”

Nagsalubong ang mga kilay nito at nabura ang ngiti sa labi.

“I mean, h-hindi pa kita kilala,” nahihiyang sabi niya. Nagpakita ba siya ng motibo dito para umakto ito nang ganoon? Hindi naman siguro.

“Ganoon ba? Madali namang remedyuhan ‘yan.” Tumingin ito sa relo. “Let’s go.” Hinawakan nito ang isang kamay niya at iginiya siya sa elevator.

“Sandali.” Gusto niyang tumutol, ngunit huli na dahil tiyempong tumigil ang elevator sa floor. Napilitan tuloy siyang sumama sa binata.

Sa isa sa mga coffee shops sa ground floor sila papunta.

“B-busog pa ako. Katatapos lang naming mag-

dinner.”

“Hindi pa ako nagdi-dinner, eh. Baka puwede mo naman akong samahan?” may halong pakiusap ang tinig nito. Hinaplos naman ang puso niya.

“Eh bakit diyan sa coffee shop ka lang kakain?”

He grinned. Bigla siyang napayuko. Nasobrahan yata ang pag-aalala sa tinig niya nang sinabi niya iyon.

“Okay lang kahit snack lang. Sa bahay na lang ako kakain ng kanin.”

Hindi na siya umimik at baka magkamali pa siya ng sasabihin. Mahirap na, baka iba pa ang ipakahulugan nito sa mga salita niya.

Nakapili na si Alec ng pupuwestuhan nila, isang pandalawahang mesa sa pinakasulok, medyo subdued ang ilaw sa gawing iyon, making the ambience a bit romantic for her taste.

“Ano’ng gusto mo?”

“Coffee na lang siguro.”

Tinawag ni Alec ang waiter at ibinigay ang order nila. Nang makaalis ito ay tinitigan siya ng binata. Na-conscious naman siya bigla.

“So, did you like my peace offering?”

“Peace offering?”

Sa halip na sumagot ay tumayo ito, lumapit sa counter at kumuha ng isang tangkay ng rosas mula sa flower vase. Bumalik ito sa upuan still holding the rose. He brought it to his lips and planted a kiss on it, bago iyon iniabot sa kanya. Nanlaki ang mga mata niya sa ginawa nito. Pero hindi rin naman niya napigilan ang sariling tanggapin ang regalo nito.

“B-bakit mo ginawa iyon?”

“You mean the kiss?” He leaned forward making her more nervous. “Magagalit ka ba kung sasabihin kong mga labi mo talaga ang gusto kong halikan?”

“Ha?” Her jaw dropped. Para gusto niya yatang mag-hyperventilate!

“Alam kong masyado akong mabilis, Veronica.”

“Teka, paano mo nalaman ang pangalan ko?” She knew it was a stupid question. Assistant manager nga ito, di ba?

“Tinanong ko sa front desk. Ikaw si Veronica Ruiz, di ba?”

Pangalan nga niya ang nakasulat sa logbook nang mag-check in sila.

“Pero, tatlo kami sa room. Paano mo nalaman na ako nga iyon?”

“Let’s just say na malakas ang kutob ko na ikaw iyon. Besides,” ngumiti ito nang ubod ng tamis, “nabasa ko ’yung nameplate mo n’ung manood ako ng presentation n’yo.”

Napasimangot si Roni nang maunawaang naisahan siya nito. He let out a witty laugh, matunog, nakakaaliw, nakakadala. Hindi niya namalayang tumatawa na siya kasama nito. Nakabawas iyon sa kanyang kaba.

Hindi niya namalayang lumipas na ang ilang oras. Masaya kasing kausap ang binata. At hindi niya akalaing masisiyahan siya sa company nito. Nalungkot siya nang mag-aya na itong lumabas. Patapos na rin kasi ang shift nito at kailangan na nitong umuwi. Inihatid siya nito hanggang sa silid niya.

“Salamat ha?” anito. She smiled at him.

“Wala iyon. Ikaw nga ang nagastusan kasi inilibre mo pa ako.”

“It’s nothing. Saka gusto ko naman eh.” Nahihiyang nagyuko na lamang siya ng ulo.

“Uuwi na kami bukas.” May lungkot sa kanyang

tinig nang sabihin iyon.

“I know...” Alec lifted her chin and then their eyes locked. “Kaya nga ayokong matapos dito ang pagkikilala natin. Puwede ba kitang tawagan at dalawin sa inyo?”

Gusto niyang tumanggi, pero para ano? Bakit niya sasayangin ang pagkakataong ibinibigay sa kanya gayong alam niyang magiging masaya naman siya? Siguro nga tama ang mga kaibigan niya. Baka nga si Alec ang destiny niya. Tanging tango lang ang naisagot niya.

Ngumiti ang binata.

“Hmm... parang masaya ang isang tao diyan ah?” puna ni Emma, officemate niya. “Si Alec ba ang tumawag?”

“Hus! Sino pa ba ang magpapasaya sa kumare nating iyan kundi ang love of her life niya?” malanding sagot ni Willy. Natawa siya sa mga kaibigan.

“O ano, makakatikim na ba kami ng mainit na sabaw?” tanong uli ni Emma.

Nagkibit-balikat siya. “Hindi pa namin pinag-uusapan. Hindi ko alam kung ano ang plano niya.”

“Aba, teh! Bilis-bilisan mo. Bakuran mo na iyang jowa mo! Sa panahon ngayon at sa gandang lalaki niyang boyfriend mo, aba’y maraming maaring mangyari!”

Wala naman sa tono ni Willy ang nananakot. He was just stating a fact. Pero may kabang bumundol sa kanyang puso.

“Oist! Willy, ano ba ‘yang pinagsasabi mo? Eh obvious namang mahal na mahal ni Alec itong si Roni. Imposibleng maghanap ng iba iyon, ano?”

“Aba, ako eh nagpapaalala lang naman.”

Biglang tumayo si Emma at hinila na palayo si Willy. “Hay naku, ang mabuti pa’y bumalik na tayo sa trabaho! Baka mamaya, masermunan tayo ni Boss.”

Tumatawang bumalik ang dalawa sa kani-kanilang mesa. Hindi maintindihan ni Roni ang sarili. Pero kakaiba talaga ang kabang naramdaman niya sa sinabi ni Willy.

Later that afternoon ay sinundo siya ni Alec. They celebrated their first year anniversary through an intimate dinner and a night of dancing at a club. Mag-alas onse na ng gabi nang ihatid siya nito sa kanila. And there, inilahad ni Alec sa kanya ang sorpresa: isang weekend trip sa isang exclusive resort

sa Mabini, Batangas! Di pa man ay excited na siya.

That night, hindi niya maiwasang isipin kung ano ang posibleng mangyari sa dalawang araw na magkasama sila ng nobyo. Minsan man ay hindi pa nila nagawang palipasin ang weekend na silang dalawa lang ang magkasama. Karaniwan na ay kasama sa outing ang kani-kanilang mga pamilya.

May kilig na gumapang sa kanyang katawan. Maybe something will happen between them, naisaloob niya. Bigla siyang kinabahan. Hindi malayong mangyari iyon. Handa na ba siyang ipagkaloob dito ang pinagkaingat-ingatan niya sa loob ng mahabang panahon?

The intimacy between them never went beyond torrid kissing. And she was okay with that. Hindi dahil hindi niya gusto. Hindi kasi siya naniniwala sa pre-marital sex. Sa pananaw kasi niya ay sagrado ang sex at hindi lamang simpleng pagsasanib ng dalawang katawan. Na dapat ay may basbas ng matrimonya ng kasal bago iyon gawin ng dalawang tao. Hindi iyon naging issue sa kanila ni Alec. Kahit hindi nila pinag-uusapan, somehow, she was sure they share the same values. Kaya hindi rin ito lumalagpas ng higit pa sa halik.

But now that the thought came to her mind?

Kinapa niya ang sariling damdamin. At nang matanto niya ang sagot ay kuntento niyang ipinikit ang mga mata at natulog nang may ngiti sa labi.

May fondness na tinitigan ni Roni ang nobyong nakatayo sa balkonahe ng cottage na nirentahan nito para sa kanila. It was the most memorable adventure she had ever had, so far. Kahit pa wala naman talaga silang ginawa kundi ang maglunoy sa dagat at maupo lang sa buhanginan habang hinihintay ang paglubog ng araw. And yet pakiramdam niya ay umaapaw ang kaligayahan sa kanyang puso. Ganoon yata talaga kapag mahal mo ang isang tao. Kuntento nang kasama lang ito.

“Alec?” she called from behind. Lumignon ito sa kanya at ngumiti. He extended his arms and motioned for her to come near him. She did, and was enclosed in his warm embrace.

“Ano’ng iniisip mo?” tanong niya.

“Ang iniisip ko?” He planted a soft kiss on her temple. “Iniisip ko na ako na siguro ang pinakamasuwerteng lalaki sa buong mundo. Kung kukunin siguro ako ng Diyos ngayon, kuntento akong sasama. Dahil naranasan kong makapiling ka, ang

maging masaya sa tabi mo, yakap-yakap, hinahagkan. Wala na akong mahihiling pa. Kumpleto na ang buhay ko.”

Hindi niya inaasahan ang sinabi nito. At may bumundol na kaba sa kanyang puso.

“Alec, ano ba ang pinagsasabi mo?”

“Kung mamamatay ba ako, iiyak ka?”

“Alec, this is not funny!” Gusto na niyang maiyak. “Bakit ka ba nagsasalita nang ganyan?”

“I’m just asking you a simple question, Roni.”

Nainis siya dahil ayaw pa nitong tigilan ang topic. Kumalas siya sa pagkakayakap sa binata.

“Pwes, ayokong sagutin! At ayoko ring nagsasalita ka nang ganyan. What is wrong with you? Ang saya-saya natin and then, suddenly you start talking about death?” Her voice quivered. At nag-init na rin ang mga mata niya. Tumalikod siya dito. Mayamaya ay naramdaman niya ang mga kamay nito sa kanyang balikat.

“I’m sorry, honey! I didn’t mean to upset you.” Muli siyang kinabig nito at ikinulong sa mga bisig.

“Bakit ka kasi nagsasalita nang ganoon?”

Hindi ito kumibo, bagkus ay hinaplos lamang ang kanyang pisngi.

“Hindi tayo maghihiwalay. Hindi natin iiwan ang isa’t isa, I mean, hindi pa ngayon. We’ll get married, have kids and grow old together. Iyon ang pangarap ko.”

Gumuhit ang isang nanunuksong ngiti sa labi nito. “Did I just hear a marriage proposal?”

Tinampal niya ito sa balikat. Lumakas ang tawa ng binata. Hinuli nito ang kanyang kamay at dinala sa labi. His eyes were seriously gazing at her face.

“I love you, Veronica Ruiz. Mamamatay ako’t muling mabubuhay na ikaw lang ang laman ng puso ko. And yes, we’ll always be together. Hindi kita iiwan, pangako iyan.”

Nanikip ang lalamunan niya at nag-init ang mga mata. She was deeply moved by his words.

“And I love you too, Alec. So much!” When his mouth covered hers, kaagad niyang tinugon ang halik nito, matching fire with fire. Pinangko siya ng binata upang ihiga sa kama. She sighed contentedly habang hinahagkan nito. Wala siyang pagsisihan sa anumang mangyayari.

Looking Through Your Eyes - Doreen Laroya

Ang hindi alam ni Roni, nakatakda na ang paghihiwalay nila, isang masakit at hindi inaasahang paghihiwalay.

3

Kauuwi lamang ni Roni galing sa trabaho nang haponng iyon nang makatanggap ng tawag mula sa nobyo.

“How’s my lovely angel?” came Alec’s sweet voice.

She smiled sweetly. “I’m fine. Ikaw?”

“Not so good. Nami-miss na kita eh!” paglalambing nito. Napahalakhak siya. “Kauuwi mo lang ba?”

“Yes. Just got here. Nag-dinner ka na ba?”

“Mayamaya. Nabusog na ako dahil narinig ko na ang boses mo.”

“Ang corny mo yata ngayon?”

“Corny ba ‘yun? I’m just telling the truth.”

Muli siyang humagikgik. Suddenly, she wanted him beside her. Kung bakit kasi napakalayo nila sa isa’t isa.

“Oo na po. naniniwala na ako.”

“Masama yata ang loob mo, eh!”

Lalong lumakas ang tawa niya. “How’s your day? Ano’ng oras ang uwi mo?”

“Hanggang seven lang ako.” Halata sa tinig ng binata na masaya ito. “I’ve got good news for you.”

Sinasabi na nga ba niya. Kakaiba kasi ang sigla ng tinig nito. Napukaw ang curiosity ni Roni.

“I got the promotion! Manager na ako!”

Nanlaki ang mga mata niya sa katuwaan. Impit siyang napatili.

She felt very happy for him. “Oh, honey! I’m so proud of you.”

“Thanks.” She heard him groan. “I wish you’re here beside me. Ang saya-saya ko, gusto kitang yakapin.”

“Oh Alec, ako din. I’m really happy for you!” Nag-init ang mga mata niya. She wanted to hug him. Alam niya kung gaano nitong pinagsumikapang makuha ang nasabing promotion.

“Ganito na lang, mag-a-undertime ako bukas. Tapos magkita tayo sa coffee shop,” yaya ni Roni.

“Talaga? Aba, gusto ko ‘yan.”

“O sige, magse-celebrate tayo bukas. And it will

be my treat.”

“Ha?—”

“O don’t argue, Alec. You deserve it.”

“Okay. Takot ko lang sa maganda’t sexy kong girlfriend.”

Natawa siya sa sinabi nito. Ilang minuto pa silang nag-usap bago ito nagpaalam. Nang ibalita niya sa mga magulang ang sinabi ng nobyo ay natuwa din ang mga ito. That night she went to sleep with a smile on her face. Everything was going great. Sino ang mag-aakalang magbabago na ang lahat?

Sa isang pandalawahang mesa na malapit sa entrance ng coffee shop piniling umupo ni Roni. That way ay madali niyang makikita ang nobyo kapag dumating ito. Umorder siya ng diet soda, inilabas ang pocketbook sa kanyang bag at inabala ang sarili sa pagbabasa habang naghihintay. Malapit na rin namang mag-alas siete. Patapos na ang shift nito.

A few minutes later ay nakita na niya ang bulto ni Alec na papasok. Napangiti siya. He was really handsome in a neat kind of way. He was just perfect for her taste.

Nang mamataan siya ng binata ay ngumiti ito.

“Hi. Kanina ka pa ba?”

Umiling siya. “Saan mo gustong kumain?”

Sandali itong nag-isip. Binanggit nito ang isang Italian restaurant na malapit lang din sa kinaroroonan nila.

“Okay. Tara!”

Kumapit siya sa braso ng nobyo ngunit hindi ito nakuntento. Inakbayan siya nito. Iniyakap naman niya ang isang braso sa beywang nito. They looked like the perfect couple.

“Hon, may problema ka ba?” tanong niya kay Alec nang matapos silang kumain. Halos puno ang buong restaurant, pero hindi naman iyon nakabawas sa magandang ambiance.

“Ha? Wala naman. Bakit mo naman naitanong kung may problema ako?”

“Kasi kanina ka pa tahimik.”

“May iniisip lang ako.”

“Puwede ko bang malaman kung ano?”

Ngumiti lamang ito ngunit hindi sumagot. Tumaas ang isang kilay niya. Hindi yata niya gusto ang kapilyuhang nakikita sa mga mata nito.

“Hon, sandali lang. Pupunta lang ako sa rest room.” Sinundan na lamang niya ng tingin ang palayong binata. Nakakapagtaka talaga ang biglang pagbabago ng kilos nito.

Isang violinist ang nagsimulang tumugtog ng paborito niyang *Canon in D*. Mayamaya ay lumapit ito sa kanilang mesa. Dahil iniisip niyang parte lang ito ng entertainment ng restaurant, nginitian niya ang musikero at hinintay na lumipat ito ng ibang mesa. Pero nanatili lang ito doon, playing his romantic music. Nilingon niya ang paligid. Halos lahat ng kumakain ay sa gawi niya nakatingin.

Ano ba ito? Nasaan na ba si Alec? Tatayo na sana siya para hanapin ang nobyo nang biglang lumapit ang isang waiter dala ang isang maliit ngunit mahabang kahon.

“Excuse me, ma’am, para sa inyo po.”

“Ha? Teka sandali, ano ito?”

“Eh, ma’am, buksan n’yo na lang po.” Mabilis na itong lumayo.

What is going on? Napatitig siya sa kahon na inilapag ng waiter sa harap niya. Kulay puti iyon at natatalian ng pulang ribbon. Baka hindi naman sa kanya iyon. Baka nagkamali lamang ito. Pero kahit

sinasabi iyon sa sarili ay umaahon ang curiosity niya. Hindi rin siya nakatiis. Nanginginig ang mga daliring kinalas niya ang nakataling ribbon.

Bakit ba ako kinakabahan? Iniangat niya ang takip. *Oh my God!* Muntik nang maibulalas ni Roni sa kabiglaan.

Because there inside the box was a single white rose. Tied on its stem was a diamond ring with a card bearing the words, *'Will you marry me?'* in Alec's handwriting!

"Roni?" She found Alec standing behind her.

"A-Alec, ano'ng ibig sabihin nito?" teary eyed, she asked softly. Titig na titig siya sa mukha ng nobyo.

Sa halip na sumagot ay kinuha nito ang rosas, kinalas sa pagkakatali ang singsing at saka lumuhod sa harap niya. Kinuha nito ang kaliwang kamay niya, and in a trembling voice he said, "Roni, I love you so much! I need you and I want you in my life forever. Please say you'll marry me." He slipped the ring on her finger and kissed it.

Maluha-luhang hinaplos ni Roni ang pisngi ng nobyo. Suddenly, nothing else mattered, not the people, not the music nor the musician, only him. Her precious Alec.

“Yes! I’ll marry you!”

Alec let out a deep throaty laugh. Tumayo ito at hinila siya palapit and in front of the cheering crowd, kissed her deeply and passionately. She couldn’t have asked for a more romantic marriage proposal than this!

Little did she know na iyon na pala ang huling regalong matatanggap niya mula sa kanyang nobyo.

“Alec!” Bigla ang pagdilat ng kanyang mga mata na waring nagising mula sa isang bangungot. Bigla rin ang ginawa niyang pagpikit. Nakakasilaw ang liwanag na sumalubong sa kanya. Masakit ang kanyang ulo at pati na rin ang kanyang katawan partikular na ang kanang braso niya. She opened her eyes again and blinked.

“Roni?” nag-aalalang tinig iyon ng kanyang ina. Sinipat niya ang kinaroroonan. Isang puting silid. Ospital? Nasa ospital siya! Ano ba ang nangyari? She closed her eyes again and tried to recall everything.

Si Alec, galing sila sa restaurant, he gave her a diamond engagement ring, he proposed, and then...
Oh God!

“Mommy, nasaan si Alec?” kinakabahang tanong niya. Tinangka niyang bumangon but she winced as pain shot through her right arm.

“Hija, huminahon ka.”

“Gusto kong makita si Alec!”

“Roni...” It was her father this time. Pinigil nito ang tangka niyang pagbangon.

“No! Dalhin n’yo ko kay Alec! Gusto ko siyang makita! Alec!” Naghihisterya na siya. Nasaan ba ang binata? Baka nasa labas lang ito o kaya ay nasa kabilang silid. Baka hindi lamang nito naririnig ang pagtawag niya.

Lalo niyang nilakasan ang pagtawag. “Alec! Alec!”

Bakit ganoon? Bakit wala pa rin ito? Halos mawalan na siya ng boses sa pagsigaw. She was crying desperately for him. Hindi ba nito naririnig ang tinig niya?

“Hija, please...” lumuluhang pakiusap ng kanyang ina. “Sasaktan mo lang ang sarili mo.”

“No!” Tuloy pa rin ang pagpupumiglas ni Roni, hindi pansin ang sakit na dulot ng mga sugat sa katawan. Isang doktor at isang nurse ang pumasok.

Kaagad na itinusok ng nurse ang dalang syringe sa IV tube na nakakabit sa kamay niya. Nang pumasok ang gamot sa kanyang ugat ay mabilis ang naging epekto nito. Nawalan siya ng lakas para magpumiglas, animo siya isang nauupos na kandila. Pilit niyang nilalabanan ang antok.

“Mommy....” she pleaded, unable to contain the sobs.

“I’m sorry, Roni... I’m so sorry....” Her mother said, tears streaming down her cheeks.

Pinanlamigan siya sa umusbong na hinala sa kanyang isip.

“H-hindi...” But she had no strength left to find out the truth.

It was a Sunday afternoon, hindi gaanong masakit sa balat ang sikat ng araw, soft breeze blowing, the scent of flowers permeated the air. Maraming tao sa paligid niya, all in their best garbs. It was the perfect day for a wedding, their wedding! Kaya lamang ay hindi kasal ang nakatak dang idaos nang araw na iyon. It was Alec’s funeral at nasa memorial park na sila. Nakaupo lamang siya sa isang tabi, malapit sa pinaglalagakan ng kabaong nito.

Isang linggo rin siyang namalagi sa ospital, drifting in and out of consciousness. Hindi naman ganoon ka-grabe ang naging pinsala niya, just a few bruises and a broken arm. Lamang ay kailangan niyang i-sedate palagi dahil nagwawala siya kapag nagigising. Hindi niya mapaniwalaang patay na si Alec. And it took her several days bago iyon natanggap.

Alec died on the spot sanhi ng nabaling spinal cord at matinding tama sa ulo. Nangyari iyon dahil pinrotektahan siya ng katawan nito sa impact ng bangaan. Hindi siya binitiwang ni Alec. Wala na itong buhay ngunit nakadagan pa rin ito sa katawan niya nang makita sila ng paramedics.

Roni swallowed a big lump in her throat. Her body felt numb, her mind empty. Wala na yata siyang ginawa kundi ang umiyak at napapagod na siya. Why can't the pain just go away? Why can't things be just like it was? Bakit kailangang kunin sa kanya si Alec?

Several people approached her offering their sympathies. A blank stare was all they got in return. Ano ang sasabihin niya? Salamat? May dapat ba siyang ipagpasalamat sa nangyari?

Natahimik ang mga tao nang pumagitna ang pari.

“When I have heard the heavenly choir, and left this temporal shore,” panimula nito na binasa ang isang tula na tumutukoy sa kamatayan. Nakamata lamang siya, parang walang naririnig habang idinaraos ang service.

Nang matapos ang homily ay pumagitna naman ang ilang mga kaibigan ni Alec, offering a short eulogy, telling everyone how his life was lived. Napayuko si Roni, tears falling. Soon it would be over. Hindi na niya makikita si Alec maliban sa mga larawan. Hindi na niya ito makakausap at mahahawakan maliban sa panaginip.

Hindi sinasadyang tamaan ng sikat ng araw ang bato sa kanyang singsing. It was his last gift to her—his most precious gift. Sayang nga lamang at hindi na iyon mapapalitan ng isang simpleng gold band na simbulo sana ng pag-iisa nila. Muli ay naramdaman na naman niya ang pagbangon ng matinding kalungkutan. The ring and their memories together were all that would be left of their love. At hindi niya tiyak kung kakayanin niyang makuntento doon.

“Mga kapatid, tapos na po ang ating misa. Bubuksan pong muli ang kabaong para sa flower offering at para na rin sa huling pamamaalam natin

sa minamahal nating si Alec.”

Isa-isang nagtayuan ang mga tao, bawat isa ay may hawak na isang tangkay ng puting rosas. She felt her mother’s reassuring hand on hers. Hawak nito ang isang rosas para ibigay sa kanya. She smiled sadly and took it.

Ang maikling distansya patungo sa kabaong nito ay animo milya-milya para sa kanya. Mabigat ang mga hakbang niya palapit. At nang sapitin niya ang bukas na kabaong nito ay malungkot siyang napangiti.

Parang slow motion na bumaba ang isang kamay niya upang hapusin ang guwapong mukha nito, the way she used to. She was shocked by the coldness she felt. Para siyang humawak sa isang natuyong kahoy. He was the same and yet he was not. Dahil wala na ang init ng buhay na dati ay nararamdaman niya dito.

Pinigil niya ang muling mapahagulgol.

“Roni?”

Hindi niya alam kung sino ang tumawag sa kanya. She took a deep breath, placed the rose in between his hands, and planted a soft kiss on his cold lips.

Looking Through Your Eyes - Doreen Laroya

“I love you very much, Alec.” It was a sentiment whispered, a sentiment carried by the breeze.

4

Pabiling-biling si Andrew sa higaan. Mariing nakapikit ang kanyang mga mata, pawis na pawis na ang kanyang noo.

“Nangako ka. Sinabi mong hindi mo ako iiwan!”

There it is again! The soft, haunting voice and the unfamiliar face.

“Bakit mo ako iniwan?” muling tanong nito.

Naguguluhan siya. Para saan ang isinusumbat nito? Kung kilala niya ang dalaga ay bakit hindi niya ito matandaan. He wanted to ask her questions, pero kahit anong pilit niya ay walang tinig na lumabas sa kanyang lalamunan.

“Why did you have to leave? Nangako kang hinding-hindi tayo maghihiwalay! You promised.... You promised....”

Patuloy ito sa pag-iyak. He wanted to reach out and comfort her. Pero hindi rin niya maikilos ang kanyang katawan. It was as if he was frozen, able to feel and see but unable to talk or move.

“You promised....”

Paulit-ulit ang daing nito. She was on the floor now, her head bent as her tears fell. There was so much agony in her voice that it broke his heart. But all he could do was stare at her.

“You promised....”

Her sweet voice seemed to linger even as her form slowly disappeared from his sight.

“You promised...” Muli itong nag-angat ng ulo, looked straight into his eyes, and then she was gone.

“Wait!”

Humihingal na napabangon si Andrew sa kanyang kama.

Damn! That dream again!

Naisuklay niya ang mga daliri sa buhok. Basang-basa siya ng pawis at malakas ang tibok ng kanyang puso. Naiinis na tuluyan siyang bumangon. Hindi alintana ang kahubdan niya, lumabas siya at nagtuloy sa kusina. Kumuha siya ng isang lata ng beer, binuksan at basta na lamang iyong tinungga.

It was three o'clock in the morning. Palaging ganoon. Same time, same dream. And it had been happening for almost a month now. Basta na lamang nagsimula ang panaginip na iyon. Hindi niya kilala

ang babae. Ni hindi pa niya ito nakita sa buong buhay niya.

Baka masyado lamang siyang nababagot. *Yeah, maybe I'm only missing some action.*

Halos anim na buwan din siyang nakakulong lang sa bahay. Of all the misfortunes in the world, isang freak car accident lang pala ang makakapag-immobilize sa kanya. Siya na isang matinik na private investigator na sanay sa aksyon.

Sa tuwing maaalala niya ang aksidenteng iyon ay naiinis siya. Sino ba naman ang mag-aakalang dahil lang sa pag-iwas niya sa isang pedestrian na wala sa ayos na bigla na lamang tumawid sa highway ay mabubulag siya. Nabasag ang windshield ng kanyang kotse nang bumangga iyon sa isang concrete barrier. May mga bubog na tumalsik sa kanyang mga mata at na-damage ang kanyang cornea. Tanging transplant lang ang pag-asa niyang makakita uli. It was the most devastating time of his life. Lalong naging mahirap dahil mag-isa lang siya sa buhay. Well, he had Enrick, ang bestfriend niya na kasama niyang lumaki sa ampunan at kasosyo din niya sa private investigation agency. Pero iba pa rin talaga iyong may sariling pamilya na titingin sa kanya.

Out of habit, he thumbed the small pendant

dangling from the silver chain on his neck. Nasa kanya na iyon mula pa noong matagpuan siya ng isang rescuer na nakakapit sa isang puno pagkatapos ng malakas na bagyo, dalawampung taon na ang nakakaraan. Limang taong gulang siya noon. Natatandaan niyang ibinigay iyon sa kanya ng kanyang ama, noong huling Pasko na magkakasama silang mag-anak.

Isa iyon sa dahilan kaya pinili niya ang propesyon niya ngayon. Umaasa siyang matatagpuan niya ang mga nawawalang bahagi ng kanyang pagkatao, maliban sa pendant na suot niya at sa pangalang naka-engrave sa likod niyon.

Ngunit hindi niya akalaing madaling makikilala ang PI agency nila at uulanin sila ng trabaho. From cheating spouses, missing persons, to uncovering devious plots, etcetera. The works kept his bank account full, but it also kept him busy. At kung kailan nagkaroon na siya ng pagkakataong asikasuhin ang matagal na niyang balak na pag-uncover sa real identity niya ay saka naman nangyari ang aksidente.

Mabuti na lang at nakahanap agad ng cornea donor at naisagawa agad ang operasyon para muli siyang makakita. It was successful. He was back to normal after a month. Well, almost. Because the

dreams also started happening.

Kumuyom ang kamao ni Drew sa hawak na lata ng beer at nayupi iyon. He threw it carelessly in the trash can. Mukhang ipagpapaliban na naman niya ang plano niya. Kailangang malaman niya kung sino ang babae sa kanyang panaginip at bakit ito nagpapakita sa kanya. Iyon lamang ang paraan para manumbalik sa dati ang buhay niya at magkaroon siya ng katahimikan.

Muling bumalik si Drew sa kanyang silid at isinuot ang boxer shorts. Hindi na rin naman siya makakatulog, mabuti pang mag-work out na lang siya. Lumabas siya at tinungo ang maliit na silid na nagsisilbing gym niya.

“Ang sama ng hitsura mo, pare!”

Ibinababa ni Drew ang telephone receiver at tinitigan nang masama ang kaibigan.

“You’re late!”

“Traffic. Parang hindi ka na nasanay dito sa Metro Manila.”

He frowned at muling tinitigan nang matalim ang kaharap. His friend just grinned.

“Mukhang masama ang gising mo, ah?”

Bumuntung-hininga siya. “Ikaw ba naman ang magising nang alas tres ng madaling araw!”

“That dream again?”

“Yes!” Nahilot niya ang kanyang sentido.

“Hindi ko lang talaga maintindihan. I mean, ilang ulit ko nang kinapa sa utak ko kung kilala ko siya, pero hindi talaga!”

Tumangu-tango lang si Enrick.

“And it’s bothering me. She kept saying about something like me leaving her.”

“Baka naman isa siya sa mga ex mo?” Bigla niya itong tinitigan nang matalim. “Hey, tinutulungan lang kitang mag-isip.”

“Hindi siya isa sa mga ex ko. Hindi ko nga siya kilala, remember?”

“Maybe someone na naka-one night stand mo?”

“Be serious, Rick! Kung ayaw mong sipain kita palabas dito!”

Nakangising itinaas ni Enrick ang dalawang kamay. “Cool ka lang.”

“Puro ka kasi kalokohan! Hindi ako nakikipag-one night stand, di tulad mo!”

“Prude!”

Inambaan niya ito ng suntok. “Ikaw talaga.”

Humagalpak lang ito ng tawa. Napailing na lamang siya.

“Seriously, Rick, I’m really bothered. Pakiramdam ko kasi, we’re connected. Hindi lang sa panaginip.”

“Wala ka ba talagang idea kung sino ang babae sa panaginip mo?” anito na tumigil na sa pagtawa.

“Wala.”

Sandali itong nag-isip. “Kailan na nga uli nagsimula ang panaginip mo?”

“A month ago.”

“Right after your operation.” Nagkatinginan sila.

“Ano’ng gusto mong palabasin?”

Dumukwang sa mesa ang binata, kumikislap ang mga mata nito. Ganoon ito kapag may naiisip na idea.

“Alam mo, pare, may nabasa kasi akong pocketbook noon. Tungkol sa isang lalaki na

naputulan ng kamay dahil sa aksidente. And then isang doctor ang nag-alok sa kanya na papalitan ang kamay niya. Hindi niya alam, kamay pala ng isang notorious serial killer ang inilagay sa kanya.”

“And?”

“Ayun. After the operation, nakaramdam na siya ng kakaibang urge to hurt someone. Hindi niya mapigilan. He battered his wife using the hand, which was something he never did before. Tapos in the end, pinapatay na niya ang mga biktima niya. And take note, ginaya niya ang style n’ung naunang killer.”

Nangunot ang noo niya habang tinititigan ito.

“Don’t you get it? Nagbago ang personality niya mula nang maikabit sa kanya ‘yung kamay na galing sa isang criminal. He literally copied what the man did, down to the smallest details.”

“Baka naman may dark streak talaga iyong tao, ‘tapos napanood niya sa TV ‘yung signature style n’ung killer saka niya ginaya.”

“He’s fifty-four years old, walang previous record sa batas, a loving husband and father. Hindi siya aware sa existence ng killer at lalong hindi niya alam na ito pala ang may-ari ng kamay na ikinabit sa kanya.”

“So what you’re trying to say is...?”

“May possibility na some of the killer’s instincts were passed down to the man via the hand transplant.”

Hindi mapigilan ni Drew ang mapatawa sa sinabi ni Enrick.

“Rick, it’s just fiction. Imposibleng mangyari ang sinasabi mo.”

“But how else can you explain your dreams? Isipin mo nga, it all started pagkatapos ng operasyon mo. At ikaw na rin ang may sabi na hindi mo kilala ang babaeng iyon. What if, that girl is connected to your eye donor?”

Hmm... may katwiran nga ito.

“Maybe she’s someone very dear to your donor. Kaya’t nanatili siyang attached sa babaeng iyon. And since nasa iyo na ngayon ang cornea niya, nararamdaman mo rin ang attachment.”

Tumangu-tango si Drew.

“Siguro dapat alamin mo kung sino ang nag-donate ng cornea mo. Positibo ako na sa pamamagitan niya’y makikilala mo ang babae sa iyong panaginip.”

Unti-unting nagkahugis ang ngiti sa kanyang mga

labi. “May utak ka rin pala?” tukso niya sa kaibigan. Umarte naman ito na parang nasaktan.

“Ah, you’re breaking my heart!” Nagkatawanan sila. Nang bigla na naman itong dumukwang. “Hey talaga bang wala ka pang nakaka-one night stand?”

“Sira ulo ka talaga! Lumayas ka na nga!”

Tumayo si Enrick at tumatawang lumabas ng kanyang opisina.

“Hey!” Sandali itong lumingon. “Salamat nga pala.”

Sumaludo lamang ito.

Alas nueve ng gabi. Kararating lamang ni Roni galing trabaho. Lately ay madalas siyang mag-overtime. Minsan nga ay inaako na niya ang trabaho ng ibang mga kasamahan niya huwag lamang mawalan ng gagawin. Ayaw niyang magkaroon ng libreng oras. Dahil hindi niya mapipigilang mag-isip kapag may libreng oras siya. At ayaw na niyang mag-isip, ayaw na niyang bigyang puwang ang mga alaalang pilit pumapasok sa kanyang utak. It was too painful to remember.

“Roni?”

“Hi, Mom.”

Umupo ang ginang sa sofa katabi niya.

“Ginabi ka na naman.”

“Marami lang trabaho sa opisina ngayon, Mommy.” Narinig niya ang pagbuntung-hininga nito.

“Marami ba talagang trabaho o sadya mo lang pinapagod ang sarili mo? Hindi kami manhid at lalong hindi kami bulag. We’re really worried about you.”

Sa halip na sumagot ay sumandal siya at ipinikit ang mga mata. Ang mga ganitong confrontation ang pinakaiiwasan niya. Pero huli na para umiwas.

“Roni,” umpisa nito, naramdaman niya ang kamay nito sa kanyang balikat. “It’s been almost three months. Kailan mo tatanggapin na wala na siya? Sa palagay mo ba’y matutuwa si...”

“Mommy, I’m fine! Huwag kayong mag-alala sa akin. Kaya ko ang sarili ko.”

“Are you, really? Dahil kabaligtaran ang nakikita ko sa iyo. Roni, when will you move on?”

Nagsimulang mag-init ang kanyang mga mata. She bit her lip to suppress a sob.

“Honey, I know how much you love him! At alam kong labis kang nasaktan sa pagkawala niya. Pero wala na tayong magagawa, hija.”

Hindi na niya napigilan ang pagpatak ng isang luha. Pinahid niya iyon ng likod ng kanyang palad.

“It’s just...” She cleared her throat. “It’s just so unfair, Mom. Mabuting tao si Alec. Hindi siya dapat kinuha agad.”

“Alam ko, pero sino tayo para i-question ang kagustuhan ng Diyos? Alec’s death happened for a reason. Maaring hindi pa natin maunawaan sa ngayon. Maybe we will never understand. Kung anuman ang dahilan, naniniwala akong may buti rin itong idudulot sa iyo pagdating ng araw. But only if you learn to accept it.”

“Mommy...”

“When Alec died, I felt like I lost a son. Don’t make me feel like I’ve lost my daughter, too.”

“Mommy?” Tinitigan niya kanyang ina. Bakas ang labis na pag-aalala sa mukha nito. Kinabig siya ng ginang at pagkatapos ay ginawaran ng halik sa noo.

“Magpahinga ka na. Kung gusto mong kumain, tinirhan kita ng paborito mong ulam.” Tumango na

lamang si Roni. Muli siyang niyakap nito bago siya iwan.

Wala siyang ganang kumain kaya pumasok na din siya sa kanyang silid pagkatapos. Naglinis siya ng katawan, nagbihis at saka humiga sa kama. Pagod siya. Ngunit katulad ng mga nagdaang gabi ay hirap pa rin siyang makatulog. Ayaw man, imahe pa rin ni Alec ang lumilitaw sa kanyang balintataw kapag ipinipikit niya ang mga mata.

May dahilan kung bakit nag-aalala ang kanyang mga magulang. It had been almost three months since the accident, pero hanggang ngayon ay iniinda pa rin niya ang pagkamatay ng nobyo. Sinisikap naman niyang ibalik sa dati ang buhay niya, ang umakto nang normal kagaya noon. Ngunit nailibing na rin yata kasama ni Alec ang dating Veronica.

The pain of having to live each day without even hearing his voice was unbearable. Hindi miminsang hiniling niya na sana'y kasama na lamang siyang namatay ni Alec noong gabing iyon.

May dahilan daw ang pagkamatay nito sabi ng mommy niya, na may buti rin itong idudulot sa kanya pagdating ng araw. Parang gusto niyang maghisterya sa kaisipang iyon. How could his death do her any good when there was constant, throbbing pain inside

her heart?

If anything, Alec's death had reduced her to a breathing, yet empty shell... and nothing more.